

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Itinatakda ng Lungsod ng Brampton ang posisyon na Deputy Mayor

BRAMPTON, ON (Abril 6, 2022) – Itinatakda ng Lungsod ng Brampton ang posisyon na Deputy Mayor para mag-preside sa Konseho at iba pang mga pagpupulong ng Komite at akuin ang mga mga tungkulin na seremonyal at sa civic event sa ngalan ng Mayor.

Ang posisyon ng Deputy Mayor ay hahatiin sa dalawa, na kumakatawan sa east at west na bahagi ng lungsod. Si Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8 ay kakatawan sa East Brampton at si Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4 ay kakatawan sa West Brampton para sa Term of Council na ito.

Dati sa ilalim ng Procedure By-law 160-2004 ng Lungsod ng Brampton, ang isang Acting Mayor ay itinalaga para mag-preside sa konseho at sa ibang mga pagpupulong ng komite at aakuin ang mga tungkuling seremonyal at sa civic event kapag hindi available ang Mayor. Ang tungkulin na ito ay natupad sa pamamagitan ng paunang itinakda na umiikot na buwanang roster kabilang ang lahat ng Konsehal. Kung ang Mayor at ang dalawang Deputy Mayor ay hindi available, ang Acting Mayor ay patuloy na magpe-preside sa mga miting at dadalo sa mga event sa ngalan ng Lungsod.

Ang mas maraming impormasyon tungkol sa Konseho ng Lungsod ng Brampton at mga Komite ay makikita sa Brampton.ca.

Quote

"Ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay magkaisang committed sa paglilingkod sa mga pangangailangan ng mga residente sa buong lungsod natin. Excited akong isagawa ang tungkulin ng Deputy Mayor sa ngalan ng East Brampton at inaasam ang pakikipagkita sa mas marami pa sa ating komunidad sa seremonyal at mga civic event.

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Deputy Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Magkasama, iisa ang passion ng Konseho ng Lungsod ng Brampton para sa pagsasagawa ng kalakaran sa Lungsod at paglilingkod sa ating komunidad. Ikinararantal kung ikatawan ang West Brampton bilang Deputy Mayor, at inaasam ang paglilingkod sa ating lungsod sa kapasidad na ito."

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Deputy Mayor, Lungsod ng Brampton*

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

City of Brampton Multicultural Media
multiculturalmedia@brampton.ca